

## PAMBUNGAD NA PANANALITA

Si Professor John Murray, itinuturing ng marami na isa sa pinakadakilang teologo ng ating siglo, ay nagwika, "Ang presensiya ng Diyos ay laging kasama ng iglesia sa lahat ng mga salinlahi nito. Siya ang nagkaloob sa Iglesia ng kakayahan ng pang-unawa at pamimigkas. Ang walang humpay na gawaing ito ng Banal na Espiritu ang siyang dahilan ng patuloy na pagsulong sa lahat ng mga siglo ng tinatawag nating Doktrinang Cristiano."

Ang tinutukoy dito ni Professor Murray ay ang patuloy na pag-aaral sa Salita ng Diyos ng mga nauna at kasalukuyang mana-nampalataya. Ang pag-aaral na ito ay nagsasaysay ng iba't-ibang paraan ng paglalahad ng paniniwala sa katuruan ng Bibliya. Karaniwang inilalahad ng lupon ng mga mananampalataya ang kanilang paniniwala sa mga dokumento ng pagpapahayag (Confessional documents), na may pag-asa na ito ay magbubunga ng gayon ding paniniwala sa mga susunod na salinlahi. Sa kasaysayang Cristiano, ilan sa mga dokumentong ito ang lubhang naging maimpluensiya sa paghubog ng paniniwala ng mga Cristiano sa mga sumunod na panahon at siglo. At isang kamangmangan sa mga nag-aaral ng Doktrinang Cristiano na kaligtaang saliksikin ang karunungan tumatahan sa mga nakatala nang dokumento.

Isa sa mga maimpluwensiyang dokumento ay *Ang Pagpapahayag ng Pananampalatayang Baptist* na ginanap sa London, Britanya noong 1689 (*The 1689 London Baptist Confession of Faith*). Ang mga sumusunod na pahina ay bunga ng pagsisikap na ito ay maisalin sa wikang Pilipino upang sa biyaya at awa ng Diyos, ay maisiwalat ang karunungan nananahan dito sa mga mananampa-latayang Pilipino.

Ang *Pagpapahayag ng 1689* ay natapos noong 1677, nguni't inilantad lamang ito at inihayag noong maghari si William at Mary sa trono ng Inglatera at isabatas ang Act of Toleration. Sa pamamagitan nito, ang mga hindi sumasang-ayon (non-conformists) sa iglesia ng estado ay binigyan ng kalayaan sa kanilang pananampalataya. Nagkaroon ng pagkakataon na makapagpulong ang mga pangunahing pinuno at guro na Baptist at lagdaan *Ang Pagpapahayag*.

Isang hangad ng mga Baptist na may-akda ng *Pagpapahayag* ay ipakita ang kaisahan ng kanilang paniniwala sa malaking bahagi ng mga mananampalatayang Cristiano. Kung kaya't ang nakararaming nilalaman ng *Pagpapahayag* ay mga sipi sa ibang mahahalagang dokumento. Pangunahin na rito ay ang *Westminster Confession of Faith ng 1647*. Ang iba naman ay hinango mula sa *Savoy Declaration ng 1658* at mula rin sa *First London Baptist Confession ng 1644*. Nguni't sa mga ilang bahagi ay hindi nangimi ang mga may-akda na gumawa ng mga orihinal na mga pangungusap na sa kanilang pananaw ay lalong malapit sa turo ng Salita ng Diyos. Sa ngayon, *Ang Pagpapahayag* na ito ay siyang ginagamit ng mga Reformed Baptist sa paglalahad ng kanilang paniniwala.

Sa pamamagitan ng saling ito ay inaasahan na may panalangin na bubuklatin at pag-aaralan ito ng mananampalatayang naghahangad ng matalinong pagkatalos sa Doktrinang Cristiano na hinango sa Bibliya. Nabubuhay tayo sa panahon na samantalang dumarami ang nag-aangkin ng karanasan ng kaligtasan ay lalong bumababaw ang pagkaunawa sa mga doktrina ng Bibliya. Sa maraming mga dako ay mayroong hinala, kundi man tahasang pagsalungat, sa sinumang magsisikap ng mas malalim na pag-aaral ng doktrina. Ang paningin ngayon ay sapat na ang mga pangangaral na may "inspirasyon" at "debosyon". Nguni't huwag tayong padaya sa ganitong pananaw. Ang paglagong Cristiano ay iniuugat sa pagkaunawa at pamumuhay ng doktrina ng Diyos (Juan 7:17; Ef. 4:14; 1 Juan 4:1).

Sa saling ito ay inilalagay sa ating wika ang mga doktrinang nagpaningas sa puso ng mga naunang mananampalataya. Ang mga doktrinang ito ay maaaring hindi tanggapin niyaong mga walang hangad na lumago bilang alagad.

Narito ang Doktrina ng Bibliya: "Ang Banal na Kasulatan lamang ang sapat, tiyak at di maaaring magkamali na tuntunin o pamantayan ng nagliligtas na kaalaman, pananampalataya o pagtalima ..." (Kab. 1.1)

Ang tungkol sa probidensiya ay lubhang kailangan ngayon sa ating panahon: "Sa Kanyang walang hanggang kapangyarihan at karunungan ay nilikha ng Diyos ang lahat ng mga bagay. Siya rin ang umaalalay, namamatnugot, nangangasiwa at namamahala sa lahat ng ito may buhay man o wala, dakila man o munti. Ito ang Kanyang probidensiya na sakdal sa karunungan at kabanalan, at sumasang-ayon sa Kanyang di-nagkakamaling paunang kaalaman at sa malaya at di-nagbabagong kalooban ..." (Kab. 5.1)

Ang kalagayan ng tao ay tahasang inilalantad: "Gayon din mula sa kapanganakan ang lahat ng tao ay may masamang likas ... Dahil dito ang lahat ay sumailalim sa kapootan ng Diyos, mga alipin ng kasalanan at mga nasa ilalim ng kapangyarihan ng kamatayan ..." (Kab. 6.3)

Ngayong lubhang nakatuon sa tao ang pang-unawa ng kaligtasan, ang pagtatakda ng Diyos ay walang pangingiming inilalahad dito: "Ayon sa pagtatakdang nagtatanghal ng Kanyang kaluwalhatian, ang Diyos ay humirang ng mga tao at mga anghel sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Dito ay nahayag ang kapurihan ng Kanyang biyaya ..." (Kab. 3.3)

Sa mga nag-aangking Cristiano na nagwawalang-bahala sa kabanalan: "Ang mga kalakip ni Cristo, na mabisa at makapangyarihang tinawag at ipinanganak na muli, ay may bagong puso at bagong espiritu na nilikha sa kanila. Sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Espiritu na nananahan sa kanila, ang gawain ng pagpapakabanal sa kanila ay nagpapatuloy ..." (Kab. 13.1)

Ang mga nabanggit na ito ay ilan lamang sa mahahalagang sangkap sa paniniwalang Cristiano na binigyang-diin sa *Pagpapahayag*. Nagpapatunay rin ito na hindi ito karaniwan sa naririnig na pangangaral. Ang mga may-akda ng *Pagpapahayag* ay naghangad lamang na hayaang ang turo ng Bibliya ay madama sa kaaliwan man o pagsumbat, sa pagpapala man o sa pagsaway. Ang tunay na alagad ay handang tumanggap; at sa pagtanggap ay naroon ang paglago.

Dapat bigyang diin dito na hindi ito kapalit ng seryosong pag-aaral mismo ng Bibliya. Ang Bibliya ay walang kapantay na dokumento. Sa lahat ng panahon, ang Bibliya ang dapat manaig at humubog ng ating pananampalataya. Anumang pangungusap sa *Pagpapahayag* na ito ay tatanggapin lamang kung ito ay buong linaw na pagtuturo ng Salita ng Diyos.

May laksa-laksang patotoo ng mga mananampalataya noon at sa kasalukuyan na nakasumpong ng karunungan at lalong masidhing katapatan sa Diyos mula sa *Pagpapahayag ng Pananampalatayang Baptist ng 1689*. Sana, sa iyong matapat at masusing pag-aaral ay maging karagdagan ka sa gayong patotoo.

`Ang mga tuntunin ng Panginoon ay matuwid,  
Ito'y nagdudulot ng galak sa puso.  
Ang mga utos ng Panginoon ay maningning,  
nagdudulot ng liwanag sa mga mata.`

Awit 19:8

Noel A. Espinosa  
August 1991  
Los Baños, Philippines